**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**NEWS AND INFORMATION BUREAU**

# PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
## AUGUST 20, 2020 (12:11 – 1:32 P.M.)

**SEC. ROQUE:** Magandang tanghali, Pilipinas. Day 2 na po tayo ng General Community Quarantine or GCQ sa Metro Manila 'no. Ingat buhay po para sa hanapbuhay.

Kaya minabuti po namin ngayon na umpisahan ang ating press briefing sa pamamagitan po ng pag-enumerate iyong mga business establishments na bukas na po at iyong mga hindi pa pupuwedeng buksan sa ilalim ng GCQ. Lahat po ng essential establishments ay bukas na sa ilalim ng GCQ, makikita ninyo po ito na naka-flash sa inyong screen ngayon 'no.

Ang dine-in restaurants po at salons at barbershop ay pinapayagan na rin pong magbukas sa GCQ pero ang kapasidad po nito ay nakadepende po sa lokal na pamahalaan kung saan sila nag-o-operate.

Ang mga hindi pa po bukas ay ang establisyimento na nag-aalok ng personal care at aesthetic procedures, ang services, gyms, fitness studios and sports facilities, tutorial centers, review centers, internet cafes, drive-in cinemas, pet grooming services.

Kasama rin sa mga hindi pinapayagan ang mga establisyimento na nasa category 4, kasama rito ang language, driving, dance, acting, voice schools, entertainment industries tulad ng sinehan at teatro, libraries, archives, museums and cultural centers, full body massage, tattoo and body piercing at live events.

Mahigpit din pong pinagbabawal ang sabong at pagbubukas ng sabungan, mga beerhouse at mga nightclub at kid amusement industries.

Ngayong nasa GCQ na po tayo sa Metro Manila at sa karatig na probinsiya, asahan na marami na rin po ang lalabas at magtatrabaho. Inuulit ko po ah, ingat buhay po tayo para sa hanapbuhay. Kailangan i-promote na rin po natin ang disiplina at indibidwal na responsibilidad na makakatulong sa pagbaba ng transmission rate 'no. Pinatutunayan natin na tayo po ay may disiplina sa ating pagsuot ng face mask. Gawin lang po nating tama ah, dapat po natatakpan ang ilong at bibig. Hindi po nakalagay ang mask sa baba at sa itaas ng leeg.

Pangalawa, magsuot po ng face shield kapag magtatrabaho at nakasakay po sa pampublikong transportasyon. Puwede pong do-it-yourself na face shield ha o iyong kayo lang ang gumawa sang-ayon po sa DOTr. Ang mahalaga, full face shield 'no, ang ibig sabihin mula noo hanggang baba po.

Pangatlo po, maghugas ng kamay. Pang-apat dumistansiya, huwag po tayong tabi-tabing kumakain sa canteen o sa karinderya.

Disiplina muna para sa ating kalusugan at disiplina para po sa pagsunod ng ating health protocols. Ipakita natin na tunay na bida ang may disiplina po.

Makakasama po natin sa briefing maya-maya lamang si DOH Usec. Vergeire para pag-usapan ang CODE Team at ang kanilang community engagements sa ibaba para ipaalala sa ating mga kababayan ang disiplina muna para iwas COVID-19.

Madalas ang naririnig natin sa tuwing tayo ay lalabas at magtatrabaho ay magsuot ng face mask at face shield. Ngunit ang tanong: Paano naman kung mayroon tayong kasamahan sa trabaho na nagkaroon ng COVID-19? Anong dapat gawin?

Ngayon na nagsimula na muling pumasok ang karamihan sa ating mga kababayan, pag-usapan natin kung ang management ng asymptomatic at symptomatic employees in the workplace 'no. Ito po ay nakapaloob sa inilabas na Joint Memorandum Circular No. 20-04 ng DTI at ng DOLE.

Una, ang isang malaki o medium size na pribadong kumpanya at establisyimento ay kinakailangang magkaroon ng isang isolation room kada 200 employees 'no. Hiwalay po ito sa company clinic. Ang designated isolation area ay kailangang may sapat na ventilation at mayroong available PPEs para sa mga health personnel at face shields na medical grade para naman po sa symptomatic na mga pasyente. Kailangan may mga upuan at may sariling banyo. Ito rin po ay dapat dini-disinfect kada dalawang oras o pagkaalis po ng isang infected or confirmed COVID-19 patient.

Ang mga pribadong establisyimento na hindi makapaglalagay ng isolation area po ay maaaring makipag-ugnayan sa malapit na temporary treatment and monitoring facility o sa barangay para sa referral ng empleyadong dapat na ma-isolate.

Lahat po ng naka-isolate ay dapat nakasuot ng face mask at face shield sa lahat ng oras. Lahat ng isolation area personnel ay kinakailangan nakasuot ng nirekomendang PPE bago tingnan o asikasuhin ang symptomatic na empleyado. Kailangan naka-disposable gown, face shield, medical grade mask at guwantes. Lahat ng ginagamit na PPEs ay kinakailangang itapon nang tama pagkagamit po. Kailangan gumagana ang 'company protocols' para sa pagsakay ng symptomatic na empleyado sa pinakamalapit na health facility. Kailangan ang mga malls at ang mga gusali ay may isang isolation area na malapit po sa entrance.

Ngayong nasa GCQ na po tayo ay muling nagbukas ang pampublikong mga transportasyon. Una, mayroon na po tayong 12,443 authorized traditional PUJs na naglalayag po sa 126 na ruta. Mayroon na rin po tayong 1,621 authorized UV express in 51 routes in Metro Manila po 'no. Mayroon po tayong 3,662 authorized units in 31 routes na mga pampublikong bus. Pinayagan

na rin pong mag-operate ang 20,493 units ng taxi at 23,776 na units na TNVS. Nagsimula na ring bumiyahe ang MRT 3, LRT Line 1, LRT Line 2 at ang PNR.

Tuluy-tuloy din ang isinasagawa po ng DOTr na Free Ride for Healthworkers Program. Sa katunayan po, mayroon na po tayong 1,517,550 ridership nationwide as of August 19, 2020. Pinapaalala ko lang po na mahigpit na pinapatupad ng DOTr ang 'no face mask/no face shield - no ride' policy sa lahat ng uri ng pampublikong transportasyon.

Mayroon na rin po tayong tatlumpu't dalawang airports na nagkaroon na pong muli ng mga commercial flights as of August 19, 2020. Lahat po ay mayroon nang mga LGU clearance at makikita po ninyo ito sa ating screen. Sa katunayan, sa lahat po ng ating mga airports, tanging 17 na lang po ang airports ang hindi pumapayag sa mga commercial flights.

Naku, mabuting balita naman doon sa ating mga jeepney drivers 'no. Limang milyon po ang pinamigay na donasyon ni Kuya Wil, Willie Revillame sa mga jeepney drivers na una ninyong narinig dito po sa ating press briefing 'no. Ito po ay pinamahagi kahapon po sa Central Office ng LTFRB. Mahigit tatlong libo or 3,211 po na tsuper po ang nakinabang sa ayuda na galing po kay Kuya Wil, 5 million na ayuda po iyan ano.

Muli po kaming nagpapasalamat kay Kuya Wil at sa kaniyang busilak na puso at sa malasakit sa ating mga kababayan ngayong panahon ng pandemya. Paalala ko rin po kay Kuya Wil – Kuya Wil sabi mo baka magbibigay ka pa ng additional 5 million. I'm sure tatlong libo na naming mga jeepney drivers ang matutuwa niyan kung talagang itutuloy mo iyong pangalawang limang milyon.

COVID-19 updates naman po tayo. Mayroon na po tayong 57,498 active cases sa ngayon as of August 19 Case Bulletin ng DOH. Sa mga aktibong kaso 91.4% po ay mild 6.5% ay asymptomatic, 0.9% ay severe at 1.2% po ay kritikal. Marami pong gumagaling sa atin, sa katunayan mayroon na po tayong 113,481 na recoveries 'no samantalang 2,795 naman po ang binawian ng buhay. Nakikiramay po kami sa kanila.

Dito po nagtatapos ang ating presentation. Bago ho tayo pumunta sa mga tanong ng Malacañang Press Corps, pakilala ko po muna ang mga panauhin natin ngayon 'no. Narito po ngayon si Usec. Vergeire para ibahagi sa atin ang programang CODE. Ano nga ba itong CODE? Paano ginagawa?

Kasama rin po natin ang aking matalik na kaibigan, Mayor Toby Tiangco ng Navotas para ibahagi po sa atin kung ano iyong polisiya nila pagdating po sa isolation at kasama rin po natin iyong aking 'cousin' – kasing-sexy, walang iba kundi si MMDA General Manager Jose Arturo Garcia – Jojo Garcia para naman po sa usaping GCQ sa NCR.

So Usec. Vergeire, ano po ba itong CODE? Paano po natin pinatupad ito noong dalawang linggong MECQ at ipatutupad pa ho ba natin ngayon ito ngayong nasa GCQ tayo? Usec. Vergeire, the floor is yours.

**USEC. VERGEIRE:** Magandang hapon po, Spokesperson Harry Roque. Thank you for inviting DOH to your briefing. Also, good afternoon to the other guests. And magandang hapon po sa kanilang lahat.

Ngayong araw po ay magbibigay po kami ng impormasyon tungkol po sa ating nationwide behavior change campaign, iyon pong ating BIDA. Pero bago po mag-umpisa ako diyan, I will give a brief update on the CODE.

The CODE is the Coordinated Operations to Defeat Epidemic. Ito po ay pinatupad these past two weeks in different localities which we have identified para lang po makapagbigay ng assistance and guidance to our local government units.

So nakababa po ang ating mga national officials, together with our local officials and other organization in the localities kung saan nagbahay-bahay, in-assess po ang localities, tiningnan po kung ano ang mga gaps at nagbigay po ng guidance; and if needed resources, kung mayroon pong kailangan, nai-coordinate po natin sa iba't ibang ahensiya.

So ito pong CODE, hindi po matatapos ito pong past two weeks lang. We have primed the system with these first two weeks para po maituloy ng mga local government units ito pong sinasabi nating coordinated approach for us to be able to implement the integrated prevention, isolation, tracing, testing and treatment, and reintegration of individuals who are confirmed to be positive for COVID-19.

So hanggang ngayon po, bumababa pa rin ang ating mga officials para makipag-usap po sa ating mga local governments para po sila ay mabigyan ng guidance, makapag-assess, makatulong po tayo dito po sa national. And eventually, iyon pong role ng ating local government, iyan naman po ang ating inaasahan lahat that this will be national government-enabled and LGU-led.

So, Spokesman Harry, can I just proceed with my presentation for the BIDA Solusyon sa COVID—

**SEC. ROQUE:** Opo, go ahead po.

**USEC. VERGEIRE:** Thank you po.

So today, we will be sharing updates on our national behavior change campaign against COVID-19 called the BIDA Solusyon. Next slide, please.

So with DILG, we were able to partner with DILG so that we can bring the BIDA Solusyon sa mga different barangays po natin all over the country. Next slide, please.

Our major goal is to reach every Filipino and of course, when we reach them, we'd like to enable every Filipino; enabling them so that they can have this behavior change. Kailangan din po kapag in-enable natin sila, maibigay po natin sa kanila ito pong mga pangangailangan nila katulad ng mga commodities, katulad po ng access to water and water facilities, and of course, we'd like to include in the communities iyon pong ating mga workplaces at saka mga schools natin diyan sa community.

So this BIDA campaign would primarily address social determinants of health by having this behavior change campaign in our communities. Next slide, please.

So we have identified indicators kung saan po natin ginawa ito 'no. We went to the different barangays where we had an assessment of the different households, sa community po. Nag-interview po tayo ng mga households and healthcare workers, and we had this feedback and [garbled] where we co-created solutions with them and the pilot of the community response, as well as monitoring and recalibration of the plans. So we have identified indicators, ang una po, at least, dapat may ten households na interviewed for risk perception and rumor management. So tinanong po natin ano, ang isa sa mga tanong natin sa kanila, 'Bakit po ba mahirap i-comply ang minimum health standards para po sa ating mga kababayan?' So there were also [garbled] this indicator na at least three healthcare workers are surveyed on information needs for barangay. And then we have this, as I've said, co-created plan with local leaders. And 100% of barangay leaders are trained on risk communication.

So aside from this assessment, aside from planning with them, we also would be capacitating our barangay leaders. And as we have always mentioned, we are going to identify BIDA ambassadors in selected barangays so that they would be helping us in disseminating information about this behavior change campaign. Next slide, please.

So this one is … ito po iyong ano, as you can see, there is this young doctor. His name is Dr. Alfonso, and he is interviewing a housewife on her perception of the risk of COVID; what rumors are going around that continue to trigger misconceptions. So we had this risk perception, rumor management and information gap survey kung saan nakakuha po tayo ng mga datos para i-input natin dito sa kampanyang ginagawa natin sa ngayon. Next slide, please.

So together with the community, we have identified what stops people 'no from doing these minimum health standards as I've mentioned a while ago. Like, why people are not able to follow physical distancing. Like in this photo for example, makikita po natin kung paano po iyong pamantayan at patakaran ng mga establishments din natin kapag pupunta ang mga tao sa mga ganitong lugar. So ano po ba ang mga drivers ng pag-comply ng tao dito sa minimum health standards na mayroon po tayo. Next slide, please.

Then here is the co-creation stage of strategies to make the barangay truly "bida" with the local leaders. So we had our planning sessions with the barangay leaders kung saan they, together with us, have tried to identify the gaps, and identified strategies on how we can

better address ito pong mga gaps na nakita natin doon sa kanilang community with regard to this behavior change of their community members. Next slide, please.

So we also discussed about how to make sure that they are able to take care of both the COVID-19 and non-COVID patients. So kailangan lang pong ipaalala ‘no because tayo pong lahat ay naka-focus na with COVID-19, we would want that we would also emphasize on the non-COVID pathway for health services and that the other health services are also important for our community members. Next slide, please.

So ito naman po, support and walk with the barangays. This is just to show them that the barangay level helps us support our barangays as they implement changes. We support and we walk with them throughout this process. So ito po ay isang pamantayan at pagpapatunay na tayo po ay susuporta sa ating mga local governments down to the barangay level para po maipatupad natin kung anuman pong mga behavior change campaign ang mayroon tayo at tayo po ay magmo-monitor at tutulong sa kanila even with resources. Next slide, please.

So finally, we are working to enable our community members to step up as BIDA ambassadors. So ito po iyong isang napili natin ano, and we have this BIDA ambassadors and disiplina brigades kung saan magbubuo po ng mga disiplina brigades ang ating mga barangay para po sila naman po iyong magmo-monitor among their community members if they are really compliant with the minimum health standards that we have set para po ma-prevent ang pagkalat ng sakit. Next slide, please.

So ito po iyong sinasabi ko kanina ‘no, we have undertaken this process where our barangays were visited. And we had these needs assessments; nag-structure po tayo na mayroon tayong needs assessment phase. In-interview po natin ang households and healthcare workers; mayroon din ho tayong feedback and planning phase where we co-created solutions with them and then the pilot of the community response, as well as monitoring and recalibration of plans. Next slide, please.

So this is just to show us the different non-pharmaceutical interventions for minimum public health standards. Hindi ko na po ito uulit-ulitin ano, pinapakita lang natin na kasama po iyan sa pag-capacitate natin sa ating mga localities. Next slide, please.

So these are the different issues that were identified ‘no. So unang-una po, iyong complacency. So kailangan lang po ang rekumendasyon, of course, we have to publicize the magnitude of the problem. Kailangan din po iyong progress reporting where we can see na because we already know the magnitude of the problem, kailangan in time, nagri-reduce po iyong mga number of those non-compliant or violators para po ma-achieve natin iyong compliance ‘no, just to achieve compliance, for example, for wearing of the mask, for doing physical distancing.

So, iyong pangalawa po na na-identify na issue - physical distancing, visuals cues, and behavioral nudges - have limited impact in high traffic areas. So, ang recommendation po na

napag-usapan with them is to identify these high traffic areas, such as markets, iyong mga Pera Padala outlets and device mechanisms to limit the number of people allowed at certain periods.

So we have discussed this with the barangays and I think this is critical, because it is really understandable especially in this crowded areas to be enforcing ito pong mga visual cues and behavioral nudges. Although we can try and do it, pero mas maganda na rin po kung malilimitahan natin ang mga numero ng tao na pupunta sa isang lugar for a given period of time.

Then the third would be, of course, the stigma can be caused by actions that may label a resident as a suspect or a COVID-19 cases. So kasama po dito iyong mga pasyente na pumupunta sa mga health center or iyong mga pini-pick up ng mga barangay through an ambulance. So, nagkakaroon po ng stigmatization, nahihiya ang mga tao, lalo po silang nagtatago. So our recommendation here is to revise the barangay protocols to minimize actions that may label a resident as a suspect of COVID-19 case. So, we have to promote the existing DOH mental health hotlines as well, so that they can also consult when they have these kinds of feelings, especially when it comes to mental health.

So, dito po sa feedback and feedback mechanisms initially intended for self-reporting of symptoms and consultation are used to report other individuals allegedly with symptoms. So our recommendation is to maintain that hotline and utilize reports by community members to trigger household monitoring via phone and to scope for rumors and misinformation.

So ito pa rin po iyong mga gaps and information. We have a whole document for this, but I'm not going to really discuss all of these for now, because I know we have limited time.

So, ito po iyong kabuuang ng ating binigay na information po, regarding our behavior change campaign, so we are appealing to everyone, hindi po tayo dapat matakot sa COVID-19. Nasa atin po ang solusyon, kasi tayo po ang solusyon. So, let us all BIDA Solution. That's all Secretary Harry Roque.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much, Usec. Vergeire. Kasama po natin ngayon ang Mayor ng Navotas at noong tinanong po namin ang NTF kung sino ang dapat imbitahin, para sa best example ng isolation policy po ng isang lokal na pamahalaan, unanimous po sila – Navotas, Mayor Toby Tiangco. Mayor, the floor is yours.

**MAYOR TIANGCO:** Yes, Sec. Harry at siyempre kay Usec. Vergeire at saka kay GM good noon po.

Ang requirement po ng DOH is one bed for 2,500 residents, iyan po ang requirement for isolation facilities for mild. Tapos po ay nagtayo po tayo ng 100 beds noong una, kasi iyan po ang requirement. Ngunit noong nag-GCQ we doubled the capacity. Ginawa po nating 210 bed capacity. Ngunit dahil noong first week of July, tumaas masyado iyong cases sa Navotas,

nagkulang po iyong 201 bed capacity na isolation facility natin. Kaya ang ginawa po natin ay nag-request po tayo ng lockdown noon at pinayagan naman ng IATF.

Ngunit kasabay ng lockdown na iyon ay hindi naman pupuwede iyong lockdown na wala tayong gagawin. So ang Napakaimportante, noong lockdown is iyong taasan iyong number of tests. So, from 200 a day umakyat tayo hanggang sa capacity na 2,000 tests per day. Mayroon tayong community swabbing sa Navotas LGU at mayroon din sa Palacio. Iyan po ay sa tulong ng national government.

Tapos, sa Navotas po, hindi lang po Navotas residents ang puwedeng magpa-swab, pati po iyong mga may empleyado na hindi taga-Navotas, pero ang kumpanya ay nasa Navotas, ine-encourage po nating magpa-swab, dahil siyempre po, kapag ang isang non-Navoteño ay pumasok sa isang trabaho sa Navotas, ang mahahawaan niya karamihan Navoteño.

Kaya ito po iyong sinasabi ni Secretary Harry Roque na isolation, ano. So dito ho nagsisimula sa taas, made-determine muna iyong primary case, pagkatapos po ma-determine iyong primary case, iyong primary case ay tatawagan po ng doktor at sasabihin na siya ay nag-test positive sa COVID-19. Napakahalaga po na within 24 hours ma-contact trace po siya, ma-interview po siya ng ating contact tracing team na pinamumunuan ng PNP, kasama po ang Health, at saka iyong mga BHW at iyong BHERT, dapat within 24 hours po malaman kung sino iyong close contacts niya.

Ngayon, pagkatapos niyang ma-interview dahil sa close contacts, kailangan na po siyang dalhin sa community isolation facility. So, as a policy, hindi po kami pumapayag ng home quarantine. Dahil based sa experience namin, ang hirap po bantayan noong home quarantine, hindi na po iyan nababantayan. So kailangan po, lahat po ng mag-turnout positive ay dadalhin doon sa community isolation facility. Ngayon, kapag nag-refuse po, pinapaalala po namin iyong provisions ng RA11332.

Pagkatapos po madala sa CIF iyong nag-positive, iyong mga close contact naman niya ay dapat din ma-test po lahat.  Hindi po pupuwede silang tumanggi kung sila po ay na-identify na close contact. Ganoon din po ulit, pag-ayaw nila, ipapaalala po ulit sa kanila iyong provisions ng RA11332 na hindi po sila pupuwedeng mag-refuse.

Ngayon, nagkaroon kami ng kaunting revision doon sa close contact. Pag-test pa lang ng isang close contact, hinihingi na namin iyong naging close contact din niya para kung sakaling siya ay mag-positive, ang mangyayari doon ay mayroon ng preliminary close contact list na siya na binigay. So, tatawagan ulit siya kung siya ay mag-positive and then para madagdagan iyong mga close contacts. So naglagay na rin kami ng close contact tracing form bago i-swab test. And then iyong close contact na iyon should go and quarantined until lumabas iyong results. And then, balik na naman tayo, kapag naging primary case, balik na naman doon sa proseso na iyon.

Ito lang po iyong napakahalaga na provisions ng RA11332 'no, na kapag hindi sila pumayag sumama sa community isolation facility o hindi sila pumayag magpa-swab, may fine po iyan na P20,000 to P50,000 at may imprisonment po iyan from one month to not over than 6 months. Of course mayroong mga exempted po doon sa community isolation facility, katulad iyong mga buntis o iyong mga nagpapa-breastfeed hindi po iyan nadadala sa community isolation facilities. Pero very limited po iyong exemption.

So ito po, ipapakita lang natin iyong test natin 'no. Prior to our lockdown, ang capacity lang namin is 300, pero noong nag-lockdown kami, nasuportahan po kami ng national government at umabot po sa 2,000 tests per day ang kakayanan ng Navotas – PCR test po lahat ito. And as of today, kaya po natin ang 1,000.

Ngunit makikita po ninyo, kahit noong kaya naming nang 2,000, ang hindi po nate-take advantage ng tao, iyong pagpapa-test, so kahit nakikiusap kami na mag-walk in sila, hindi pa rin sila pumupunta. Like noong 2,000 ang pinakamataas na nagawa namin is 1,300. Ngayong 1,000 ang capacity natin, 438 lang as of yesterday ang nag-avail. So, sana mas maraming mag-avail dahil libre naman ito, wala naman pong bayad.

Next slide, please.

And because of the contact tracing, because of the number of test na itinulong sa atin ng national government, ang na-test na po sa Navotas is 25,004 out of a total resident of 267,000. So, nakaka-test na po tayo ng 9.36% of the total population. Iyan po, hindi po namin kakayanin kung hindi ho kami tinutulungan ng national government.

Next slide, please.

Ito naman po iyong CIF admissions 'no. Dahil nga po hindi ho tayo pumapayag ng home quarantine, napuno po iyong local isolation facility natin kaya't ayun, tumakbo ulit kami sa national government at ito po iyong mga na-accommodate nila 'no.

So, nagsimula tayo sa Philippine Arena, napunta tayo sa World Trade Center, napunta sa New Clark City, Ninoy Aquino Stadium at sa Filinvest at noong napuno po iyong mga iyan, ang maganda pong ginawa ng national government kaya mabilis ang reaction time nila is iyong mga hotels ang kinukuha nila para sa amin.

So, napakabilis nitong prosesong ito. Kapag in-inform po namin iyong national government na kailangan po namin ng 'x' number of beds for tomorrow, sigurado po bukas naka-ready po iyan at tinutulungan rin kaming maghatid ng mg pasyente at tinutulungan na rin ibalik sa Navotas iyong mga pasyenteng gumaling.

So as of today, from the middle of July, ang nalagay na natin sa isolation facility ng national government is 863 patients; sa Navotas isolation facility naman natin iyong, iyong 210-bed

capacity natin, nakagamot na ho siya ng 588 patients. So, ang naging total ng CIF admissions natin is 1,451.

Next slide, please.

And because of this process of increasing the testing capacity and contact tracing and isolating, noong bago po kami nag-city-wide lockdown, hanggang noong nag-city-wide lockdown kami, nakikita ninyo po, 22 – 23% ang positivity rate. Ngayon, bumaba na siya ng 14%, iyan po ay dahil sa number of test dahil hinahabol talaga iyong lahat ng positive; hinahanap kung sino-sino iyong mga positives and because of the isolation.

Hindi po talaga pupuwedeng hindi i-isolate dahil kapag nasa bahay iyan, hindi mababantayan. Assuming mabantayan iyong bahay na walang lalabas, hindi naman puwedeng bantayan iyong loob ng bahay kaya in the past, nakita ninyo naman iyong mga statements ng DOH, pami-pamilya iyong nagkakahawaan. So, kahit i-isolate siya sa loob ng bahay, ang hahawaan naman niya is iyong same family member.

Next slide, please.

Ito naman po ay tulong ngayon ng national government. Nagdala ho sila ng 40 container vans that they are now converting to isolation facilities. Magiging 120-beds po iyan. Kaya namin gustong magdagdag ng beds is because ang idea namin is pag-swab pa lang dapat nasa isolation facility.

So, kapag natapos po itong 120-beds na ito plus iyong 210-beds ng Navotas, ang gagawin namin, iyong sa Navotas gagamitin lang namin for those waiting for their results. Ibig sabihin, iyong mga na-swab na close contact na naghihintay ng resulta, kailangan diyan muna sila sa isolation facility at puwede silang umuwi kapag sila ay naging negative. Kung sila ay naging positive, dadalhin naman natin sila doon sa national isolation facility.

So, iyon lang po, diyan po nagtatapos iyong ating presentation.

At siyempre, nagpapasalamat po ako sa IATF, sa NTF, dahil hindi po namin makakayanan ito kung hindi po dahil sa tulong nila. So, maraming salamat po at maraming salamat, Sec. Harry.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Mayor Toby. Tama pala po 'no… naintindihan ko na bakit hinahangaan kayo ng NTF sa inyong mga polisiya lalong-lalo na iyong testing and isolation and tracing capacity ninyo.

Ang finally, we have my cousin, MMDA General Manager Jojo Garcia.

Sir, unahin ninyo na po, ipinatutupad na po ba iyong uniformed curfew sa buong Metro Manila ngayon, GM Jojo?

**GM GARCIA:** Good afternoon, sir! Unang-una po, iyong ating curfew po sa NCR halos lahat na po naka-adjust na ng eight to five, waiting na lang po kami sa Manila and Pasig kasi mayroon silang local ordinance which they will amend I think today. So, mostly po, iyong Makati, Muntinlupa po and Taguig naka-adjust na, naglabas ng EO ang ating mga mayors po. So, malapit na pong maging standard iyang eight to five.

And then, next po ano, katulad ng sinabi ni Mayor Toby, we want like to thank the national government na lagi pong nakatutok iyan sa Metro Manila. Actually, last night lang nagkaroon po ng pagpupulong ang ating mga NCR mayors with us para at least iisa lang po talaga ang galaw ng buong NCR. We just want to tell everyone na ang NCR po, iyong sa ating seventeen mayors, nagkakaisa iyan, isa lang po ang boses niyan.

And to add po, Sec. Roque, may kaunti tayong good news diyan sa ating economic team dahil ang atin pong mga mayors ng Metro Manila, majority of them, pinayagan na pong magbukas iyong ating mga restaurants, fast food chains, nang 24 hours sa delivery. So, iyong mga business establishments po na allowed during GCQ, mayroon na po kayong maoorderan ng mga delivery. Karamihan po ng ating mga LGUs sa Metro Manila naglabas na rin po ng mga EO allowing, again, 24/7 restaurants na puwede ang delivery.

Lastly po, Secretary, we also want to thank the IATF and NTF sa hiniling po ng ating mga mayors ng NCR na iyong ating GCQ na gagawin… ito iyong GCQ natin noong June 1. We need to understand na noong May po kasi galing tayo ng MECQ, so, iyong GCQ natin nang June 1, ito po iyong unang-una na inilabas ng IATF na guidelines at iyan po ang ating gagawin ngayong GCQ ngayong August at makakaasa po kayo na hanggang August 31 we will maintain this. At kung mayroon man pong makakapagpabago sa economic activities by September 1, 100% po ang support ng ating mga mayors.

**SEC. ROQUE:** May tanong lang po kasi nasa pahayagan po iyong mga tanong. Paano daw, GM, iyong mga pang-gabing mga negosyo na allowed gaya ng mga BPO? Paanong gagawin nila pagdating doon sa curfew?

**GM GARCIA:** Iyon nga p0, sa curfew po, exempted po lahat ng APOR, meaning authorized person outside residence, exempted po iyan. Kaya nga po, let's say, ang isang business establishment hanggang 10 P.M. sila, nag-overtime iyan, ipakita lang po iyong ID nila at iyan naman po ay hindi huhulihin, nagkasundo ang ating mga mayors

Actually, ito pong ating curfew na ito, mas more po ito sa mga residential areas. Iyong sabi nga natin na dikit-dikit ang bahay, lumalabas ng bahay iyan para makipagtsismisan, makipag-inuman, iyan po ang hindi natin ina-allow.

Pero of course, iyong ating mga manggagawa lalong-lalo na ang ating mga medical frontliners iyan po lahat ay exempted. Kaya nga po nagbukas tayo ng mga 24/7 na mga restaurants or mga fast food chains para at least mayroon din pong kainan kung magutom iyong ating mga

APOR na nasa labas or iyong mga mamamayan natin na inabot ng curfew na hindi nakakain ng 8 o'clock sa labas, puwede po silang magpa-deliver.

**SEC. ROQUE:** Okay. Maraming salamat, GM. Ngayon, pumunta na po tayo sa ating open forum. I'm sure si Joyce Balancio ang una nating magtatanong. Joyce?

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Yes, good afternoon po, Secretary Roque and to our guests. Si Catholic Bishop Broderick Pabilio po raised concerns dito po sa rule natin na ten people lang po ang pupuwede sa mass gathering, katulad nga po ng religious gatherings at pagsisimba. He is comparing it to what we are allowing to restaurants and salons na puwede silang 30% or depende po sa papayagan ng LGU. Hindi daw po logical dahil kung titingnan daw po natin, mas malaki naman ang simbahan kaysa sa mga restaurants.

Some netizens are also saying, pagdating po sa restaurants, puwedeng tanggalin ang face mask, ang face shield, pero kapag nagsimba sila, puwede namang hindi nila tanggalin iyon, so, safer sila sa pagsisimba. So, puwede po ba itong i-reconsider and also puwede ko rin i-pose iyong tanong sa MMDA and also kay Mayor Tiangco kung puwede bang isama natin ito sa mga puwedeng i-consult noong LGUs, kung puwedeng payagan ang higher operational capacity ng mga simbahan?

**SEC. ROQUE:** Well, alam po ninyo ang ating polisiya laban sa, well, dito sa religious gatherings ay nakabase naman po sa kasaysayan at iyong karanasan, hindi lang dito sa Pilipinas kung hindi sa iba't ibang mga bansa. Napatunayan na po na talagang maraming mga kaso ng COVID ang bigla na lang nagkahawaan dahil po dito sa religious worships. So, sa akin po pupuwede naman po na mag-online tayo sa ngayon at obserbahan na muna natin iyong 10 persons dahil ito naman po ay temporary lamang. At saka naalala ko naman, noong nanawagan po ang mga frontliners na bumalik sa ECQ, unang-una naman po ang Simbahang Katolika na nagbawal sa gatherings. So in the same spirit po, para lang maiwasan ang pagkalat po ng COVID, eh sana po pasensiya na po muna at hindi naman po ito forever.

So, GM Jojo would you like to add?

**GM GARCIA:** Sa side naman po ng ating LGUs, kasi po naglabas ng guidelines noong May regarding sa GCQ. So ang pinanggalingan po noong GCQ na iyon is iyong MECQ before GCQ. Tandaan natin, iyong GCQ natin, talagang lahat po tayo nag a-antay grumaduate ng MGCQ, which hindi naman po tayo grumaduate, dahil nga sa mga datos po ano. So ang ginawa lang po, nagdadagdag tayo ng mga activities kahit GCQ pa rin, kumbaga mino-modify po natin. So, ang stand lang po natin is, kung ano iyong original GCQ, which is pinag-aralan naman po ng IATF iyan – mga experts iyan – kumbaga, we respect the decision of IATF lagi at NCR po.

Kaya po sila nag-decide ng ganiyang GCQ because pinanggalingan is MECQ. So just like now, MECQ po iyong pinanggalingan natin at tayo nag-graduate na GCQ, so I think we need to follow what's the original GCQ at sabi nga ni Secretary Roque at ng ating mga mayors, puwede

kami sa kahit na anong transition, kumbaga nag-status quo lang tayo hanggang August 31, that's only 10 days, 10 days lang iyan, baka sakali ma-improve pa natin iyong numero.

Kaya nga po ginawan ng guidelines iyong mga graduation ng ECQ to MGCQ to GCQ and sana po makarating tayo sa MGCQ. So kung ano po iyong protocol talaga, pina-follow lang namin, kasi mahirap nang mag-adjust ulit like iyong nangyari po sa atin nang June and July, nabalik tuloy tayo sa MECQ. So, ang sa amin lang po, puwedeng original na nilabas na guidelines, susundin lang po namin iyon, at kung may pagbabago po ay willing po kami to adjust.

**SEC. ROQUE:** Anyway, Bishop 'no. I think malinaw naman na itong polisiya pong ito ay nabuo dahil din po nagkaroon po ng malawakan at mahabang konsultasyon sa mga alkalde ng Metro Manila dahil sila naman po ang magpapatupad ng kahit anong polisiya na itinakda po ng IATF, at ito naman po ay nasa desisyon na rin ng mga mayors. Pasensiya na lang po muna at kagaya nga po ng sinabi ni GM Jojo, sampung araw lang po ito, hanggang August 31.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** On the continued deployment ban or suspension ng deployment of medical workers abroad, how can we encourage iyong health workers natin, especially our nurses, to really give their service to Filipino people? Yesterday po kasi Secretary, we interviewed the Philippine Nurses Association and they said, they are helping a lot of Filipino nurses who are affected by this deployment ban. Marami po ang walang trabaho, naghihintay na ma-lift iyong ban at marami po, Secretary, iyong ayaw po talagang magtrabaho dito sa Philippines.

They are citing work conditions, iyong great differences in salary and benefits. Here many health workers are saying they are overworked and underpaid and their salaries cannot compensate for all their needs. So, papaano natin mai-encourage, sabi po ninyo charity po unahin sana natin iyong mga kababayan natin, paano natin iyon ire-reconcile sa pangangailangan din po ng health workers natin?

**SEC. ROQUE:** Well, unang-una po 'no naitaas na po natin ang sahod ng mga nurses sa mga gobyernong hospital. Nabigay na po sa kanila kung ano iyong hinihingi nila na adjustment sa salary standardization law at ang problema nga po natin ngayon malaki iyong diperensiya sa suweldo ng mga government nurses dahil itinaas nga at saka iyong mga private nurses.

Pero ganoon pa man sa ilalim po ng Bayanihan 2, hiningi po ng administrasyong Duterte na magbigay po ng parang hazard allowance sa lahat po ng mga nurses, lalung-lalo na sa mga pribadong sektor, kung saan mas mababa nga ang kanilang mga sahod at nagbibigay po tayo ngayon ng iba pang incentives, kagaya ng free housing at saka free testing 'no. So sa tingin ko po sa panahon ng pandemya, mananaig naman po ang nasyonalismo sa puso at damdamin ng ating mga nurses.

Ganoon pa man ina-anunsiyo ko rin po mamayang hapon sa IATF, pag-uusapan po muli itong ban na ito at ang iriresolba po ay kung mayroon pang exemption or wala dahil doon sa POEA

resolution na quoted ng IATF resolution, mayroong exemptions iyong mga na-process na ang mga papeles at ito po ay pag-uusapan mamayang hapon.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Si Usec. Vergeire po baka lang po may mai-add?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, Ma'am, it's the same thing as what Secretary Harry Roque has mentioned. Doon po sa ating prinoposed na Bayanihan 2, makikita po doon sa section na iyan na pati po private health care workers ay bibigyan na po ng benepisyo galing po sa ating national government. And even iyong mga hazard pay, iyong mga special risk allowance, kasama na po diyan sa ating binalangkas diyan po sa sinubmit natin sa ating bicam. So, sana po, again, ako rin po katulad ni Secretary Harry Roque, nakikiusap po kami sa ating mga health care workers na sana iyong nationalism natin ay manaig sa panahon ngayon na mayroon tayong pandemya para makatulong po tayo sa gobyerno.

**SEC. ROQUE:** Ang suma tutal diyan eh, kahit pa mangibang bansa ang ating mga health workers, may iiwan silang mga mahal sa buhay dito at sana po iyon ang maisip rin ng mga health professionals na wala namang mag a-attend sa kanilang mga pamilya kapag kailangan ng mga health workers, eh doon po sana manaig sa kanilang mga damdamin.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Last na lang po from me, Secretary. Is President Duterte still in Davao City? Many are noticing, bakit daw po ang tagal na po niya doon. I think, it's more than two weeks na po, ano po ba ang pinagkakaabalahan niya o schedule po niya doon. Is he resting, that is why ang haba po ng panahon niya doon and when can we expect the President to address again the public?

**SEC. ROQUE:** I can assure you that there will be another address on Monday. The reason why he stays, sabi niya ano, umiiwas din sa COVID, pero patuloy po ang trabaho ng Presidente. Alam ko po, kapag kami ay umalis ng Maynila, gabundok po ang mga dokumentong dala-dala namin para kay Presidente. So wala pong tigil naman ang ating Presidente. I can assure you, sa appointments lang po, gabundok na po iyan. So, I'm sure, ang ating Presidente kasi dating Mayor, iniisa-isa po niya lahat iyan bago pinipirmahan.

So, tuluy-tuloy naman po ang pagtatrabaho ng ating Presidente kahit nasaan siya. Siguro po sa susunod na press briefing sa Davao, ipapakita ko po iyong Panacañang na tinatawag, iyan po iyong tanggapan ng Presidente sa Davao, hindi naman po siya ang nagpatayo niyan, iyong dating Presidente Gloria Macapagal-Arroyo ang nagpatayo niyan, maski hindi po natin akalain na isang taga-Davao ang magiging Presidente. So kumbaga, kapag siya po ay nasa Davao, different venue lang po iyan sa pagganap ng kaniyang mga katungkulan. Thank you very much, Joyce, punta naman tayo kay Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Yes, good afternoon, Secretary. Secretary, iyong tanong po ni Francis Wakefield para daw po kay Usec. Vergeire: In a media forum yesterday, you expressed concern of the Philippines having a positivity rate of 12.4% higher than the WHO's 5% benchmark. Officials from the World Health Organization earlier flagged the country and

Papua New Guinea and the western pacific over rising COVID-19 cases which are among the young. What if the trend continues, will you suggest na ibalik ang Metro Manila provinces na mataas ang COVID cases sa MECQ? If not ano sa tingin ninyo ang kulang sa ginagawa ng government? Do we also blamed the people who continue to disregard health protocols set by the national and local government?

**USEC. VERGEIRE:** Thank you, Usec. Rocky. So, unang-una wala po tayong sinisisi sa mga nangyayari sa atin ngayon. We have identified factors why cases are rising at nakita na rin naman po sa ating mga datos na talagang iyong productive age group ang nagkakaroon ng mga sakit ngayon. Although kapag tiningnan din po natin sa ating mga datos iyong productive age group, iyon pong mga nasa 20 hanggang mga 50, 59, sila man po ang nagkakasakit, pero usually they are mild and asymptomatic. Ang nagkakaroon po ng medyo mas malalang sakit or severe and critical ay iyong mga elderlies pa rin and those with comorbidities.

So kung ibabalik po ba natin dahil sa ganito? Katulad po ng sinabi ko kahapon sa media forum, kailangan po natin isipin na hindi lang po community quarantine ang puwedeng intervention para malabanan po natin ang pandemyang ito, marami pa hong ibang interventions na ginagawa tayo that we can see that it can work if all of us will work together.

Sinabi na rin po ng mga eksperto, we cannot remain to be in lockdown forever; we have to balance between health and economics. Kasi alam po natin na kapag sa economic side, kapag nagutom na po ang mga tao, ibang sakit naman po ang lalabas sa ating populasyon. So kailangan po nating balansehin lahat, kailangan lang pong ipatupad lahat nang maayos ang ating mga minimum health standards para po maka-transition tayo doon sa sinasabi nating new normal at maipatuloy po natin ang ating mga buhay.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, ang susunod naman pong tanong from Virgil Lopez of GMA News Online, para kay Spox Roque. AFP Chief Gilbert Gapay has expressed dismay that no criminal charges have been filed in court two months after the killing of four soldiers by policemen in Jolo, Sulu. Will the Palace urge the Department of Justice to speed up the preliminary investigation? Also, what is the Palace's reaction to Gapay's claim that the PNP committed a cover-up with regard to the shooting incident?

**SEC. ROQUE:** Well, kay Chief of Staff Gapay, no less than the President na po ang nangako ng katarungan. At ngayong natapos na po ang imbestigasyon ng NBI at naisampa na ang kaso sa piskalya, hayaan lang po natin ang proseso umusad. Kasi po mayroong 90 days maximum ang mga piskal para mag-resolve ng kaso. Hindi naman po ito nag-qualify kasi sa tinatawag nating—anong tawag doon? Nakalimutan ko anong procedure na tinatawag na pabilisan na preliminary investigation, kasi the crime has committed in the presence of a police officer.

Dumaan po ito sa regular preliminary investigation; hindi po ito dumaan sa inquest kasi wala naman po ang mga iyong mga piskal o police investigators noong pangyayaring iyon so dapat dadaan sa regular preliminary investigation; at iyan naman po ay statutory right ng mga

akusado. Pero nangako na po no less than the President, magkakaroon po ng katarungan dito sa kasong ito.

**USEC. IGNACIO:** Last question po ni Virgil Lopez. Marikina City Representative Stella Quimbo has filed a bill that seeks to allow the President to privatize the entire PhilHealth or its segments. Does the Palace support this proposal?

**SEC. ROQUE:** Well, I think the Palace will support my view as primary author of Universal Healthcare na iyang batas pong iyan ay ipinatern [patterned] namin after Thailand, after the UK, after European countries na mayroong universal healthcare.

Kaya po iyan nasa ilalim ng gobyerno dahil ang pagbigay po ng kalusugan ay isang karapatan ng taumbayan at obligasyon ng estado. Kapag binigay po iyan sa private na mga kumpanya, insurance po iyan. At makikita naman na iyong scheme ng insurance ay hindi gumagana lalung-lalo na lugar ng gaya ng Estados Unidos na talagang ang mga mahihirap ay hindi po kayang bayaran ang paggagamot dahil wala po silang mga insurance.

So sa paningin ko po as the primary author of the Universal Healthcare Law, kabaliktaran po ang objective natin. Kaya po nilagay natin sa gobyerno iyan dahil katungkulan ng gobyerno iyan, dapat bigyan ng katuparan.

**USEC. IGNACO:** Secretary, si Trish Terada na po.

**SEC. ROQUE:** Trish of CNN Philippines.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Good afternoon po. Good afternoon sa lahat. Secretary, follow up lang po doon sa question ni Joyce kanina about the ban on healthcare workers. Bukod po kasi doon sa nabanggit ni Joyce kanina, there are about 600 nurses who wrote a letter appealing to the IATF to reconsider nga po itong travel ban. Now, they are seeking for an audience with the IATF.

Nabanggit din po doon sa letter nila na hindi raw po kulang iyong nurses sa Pilipinas and for the time being na nandito sila, wala raw po silang hanapbuhay at may mga pamilya raw silang umaasa. So iyon nga po, aside from their asking for an exemption, kung hindi po mapagbibigyan iyon, they are appealing for financial assistance if they will be asked to stay here. Will the IATF also reconsider this, sir?

And iyon pong binabanggit na kumbaga na exempted iyong mga perfected contracts, it appears, sir, doon po sa letter nila parang hindi po alam ng POEA na may ganitong binabang memo ang IATF dahil iyong iba po [garbled] ng gastos for them na nag-expire na iyong kontrata nila so they had to re-apply. So kumbaga, wala na nga po silang kinikita, may dagdag gastos pa po sila.

**SEC. ROQUE:** Well, I don't want to preempt the IATF. Pero gaya ng sinabi ko, nasa agenda po iyan sa 2 o' clock meeting ng IATF at 2 P.M.; and the espousing of course the cause of the 600 nurses will be DOLE Secretary.

My personal view is I support. kasi nga po doon sa POEA Resolution, mayroon pong cut-off. Iyong mga naka-process ng kanilang mga dokumento before the cut-off should have been allowed, at ito po iyong 600 na napigilan ngayong umalis. Pag-uusapan po iyan. My personal view is I'm supportive of the view of DOLE na sana po ay paalisin iyong 600 na iyan. Pero ultimately, that will be the decision of the IATF. Antayin po natin mamayang alas dos kung ano ang magiging desisyon.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Secretary, doon naman po sa ongoing PhilHealth investigation sa Senado. Senators are urging the President to suspend iyong mga PhilHealth officials, including the top ranks po. Ano pong opinyon ng Malacañang dito?

And, sir, sabay ko na rin: With all these hearings na ginagawa [garbled] general impression ng ating mga senators is that, for example, kay Senator Grace Poe po, is that Secretary Duque failed in handling both DOH and PhilHealth particularly in dismantling corruption. So kumbaga, hindi lang po siya about COVID response. Ano po ang naging impression ni President dito sa mga hearings na ito? Is he considering at least about time maybe to let go of Secretary Duque kung iyong dito po, kahit sa mandate na lang na pigilan iyong korapsyon ay hindi po nasolusyunan?

**SEC. ROQUE:** Well, unang-una po 'no, kaya nga po bumuo si Presidente ng task force, pinaubaya niya na po iyan sa task force. At dahil pumayag naman po ang Ombudsman na maging bahagi ng task force, alam naman po ni Presidente bilang isang abogado na tanging Ombudsman lang iyong may kapangyarihan mag-impose ng preventive suspension; at ginawa naman po iyan ng Ombudsman na laban doon sa mga tao na diumano, ang sabi ni Senator Lacson, ay miyembro ng mafia diyan sa PhilHealth.

So ito po ay panguna lang naman na order ng Ombudsman, hayaan po nating umusad pa ang proseso ng task force. Alam ko po marami pang mga complaints na nakasampa na sa Ombudsman, na tinitingnan, kasama pa ho diyan iyong mga complaints na tayo mismo ang nagsampa 'no. At kampante po ang Presidente na given the composition and the integrity of the individuals behind the task force, lahat po ng may sala ay hindi lang masu-suspend kung hindi ay madi-dismiss at makakasuhan ng kasong kriminal.

Now, as far as Secretary Duque is concerned, Usec. Vergeire is here. Ma'am, ang tanong—anong tanong ninyo po for Usec. Vergeire as Spox of DOH, please repeat.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** It's more of a policy question, sir, iyong opinyon po ni Pangulo dito sa mga ongoing hearings. Does he still see Secretary Duque [garbled] institution?

**SEC. ROQUE:** Oo, that's a question addressed to me 'no. Nasabi ko na po iyan: All Cabinet members serve at the pleasure of the President. The moment the President loses his confidence in anyone, no Cabinet member can claim security of tenure in their office, they will have to go. So habang nandiyan po si Secretary Duque, the confidence remains.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Secretary, finally, IATF question po. Since ia-allow po iyong ibang restaurants or some establishments to open 24/7 to cater po doon sa mga medical frontliners, iyong mga manggagawa na may trabaho hanggang gabi, ibig sabihin po ba ay ia-allow na rin po iyong kumbaga courier services, like Grab, Angkas, to go on operations beyond curfew hours para po may magdi-deliver nitong, for example, food or whatever they need during these hours?

**SEC. ROQUE:** If it is food delivery, it would be allowed dahil iba naman pong kategorya ang food. Pero iyong ibang mga dini-deliver, like iyong mga shopping articles, baka hindi po iyan i-allow. Pang-food po iyan. GM Jojo, am I correct?

**GM GARCIA:** Yes, sir, food deliveries po. Iyan po [garbled] po iyan, iyong ating mga restaurants and essentials.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** So, sir, iyong mga Angkas po, for example, Grab, iyong mga binu-book po na mga third party couriers, ia-allow po silang mag-travel, mag-operate during those hours din po?

**GM GARCIA:** Yes, kasi may mga partners eh. Iyang mga [garbled] ng mga pagkain, iyong mga—what you call this? McDonald's, Jollibee, iyong mga ganiyan ano, may mga [garbled] hindi lang sila delivery ng restaurant mismo, may mga third party sila. So allowed iyan. In-allow naman ng ating mga mayors.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Okay. Thank you po. Salamat po sa lahat.

**SEC. ROQUE:** Oo. Back tayo to Usec. Rocky, please.

**USEC. IGNACIO:** Secretary Roque, ang tanong mula kay Alvin Baltazar ng Radyo Pilipinas. Lahat po ng nakatanggap ng SAP second tranche via money remittances sa Western Union, Puregold Malolos City Branch ay hinihingan daw po ng 50 pesos processing fee na walang resibo bago ibigay ang 6,500. Alam po ba ito ng DSWD Relief Agad Program? Secretary, iyan din po ang concern ng dating kasamahan natin na si Levi Tantonco ng DZMM, dating DZMM reporter.

**SEC. ROQUE:** Okay. Well, alam naman po ng DSWD na lahat po ng pumili na makuha iyong kanilang ayuda sa pamamagitan po ng 'I Cash Out' ay kinakailangan magbayad ng P50. Ang aking concern lang po, dapat magbigay din ng resibo itong mga SF fees na ito para naman ma-record iyong income nila at makapagbayad sila nang tamang buwis. So alam po iyong P50 pero dapat po may resibo para masiguradong magbayad naman ang SF fees ng buwis.

**USEC. IGNACIO:** Opo. For Secretary Roque, tanong po ni Cresilyn Catarong ng SMNI/DZAR Sonshine Radio. Nasagot ninyo na po iyong una niyang tanong na umapela iyong grupong Filipino Nurses United para po sa total lifting ng deployment ban sa healthworkers abroad. Ang second po niyang tanong: Nananawagan daw po iyong komite sa Kamara na payagan nang pumasada ang mga motorcycle taxi tulad ng Angkas. Posible po ba itong payagan?

**SEC. ROQUE:** Kinakailangan po nila ng prangkisa galing po sa Kongreso. Desisyon po iyan ng Kongreso.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, tanong na po ni Maricel Halili.

**MARICEL HALILI/TV5:** Hi sir, magandang hapon po. Sir, during a Senate hearing, brining-up po ni Senator Joel Villanueva iyong data from DOH – so maybe you and Usec. Vergeire can answer this – na despite po iyong sinasabi lagi ng government that we're expanding on testing and isolation facilities, ang sabi po ay 48% ng mga Filipinos who died of COVID were not admitted in the hospital and 7 out of 10 active cases were not treated. This is from, I think May to June iyong data po 'no. How do you explain this, sir, despite po iyong sinasabi ng effort na we're expanding facilities?

**SEC. ROQUE:** Usec. Vergeire…

**USEC. VERGEIRE:** Yes, ma'am. I still have to see that data 'no, pero nakikita naman po natin ano na iyong utilization rate po ng ating mga ospital ay talagang nandoon po at tumataas because of all of these patients being admitted. So we still need to review that data that you are now pertaining to and we will give information after we have reviewed that.

**MARICEL HALILI/TV5:** Uhum. And ma'am follow up lang po, kasi mayroon din pong lumabas na report from the Department of Economics naman po ng Ateneo de Manila na ang approximate po nila nasa around 3 million daw po iyong unreported cases ng COVID. Ano po iyong response ninyo dito, ma'am?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, I read that last night Maricel 'no, and I think they were basing their estimations with the case fatality rate if I'm not mistaken noong binasa ko iyan. So we have referred it to our experts and also to our epidemiologists and they are now studying it. Pero kapag tiningnan kasi natin, kinumpara rin niya iyong iba't ibang bansa 'no – Thailand, Singapore with the Philippines.

So lagi nating dapat alalahanin ano that comparing countries with different health system capacities and with different types of health system is not really appropriate. So doon pa lang ano may kuwestiyon na tayo doon sa kaniyang datos na ipinapalabas. But of course we always welcome this kind of forecast and estimations, tinitingnan natin iyan baka makakatulong pero pinag-aaralan pa rin namin nang mas thoroughly para makapagbigay kami ng kumpleto na komento tungkol dito.

**MARICEL HALILI/TV5:** Thank you, Usec. Last question po for Secretary Roque. Sir, may we have your comment lang po because PBA Partylist Representative Jericho Nograles is calling to blacklist a Chinese beauty product. It's a keratin product na ang inilagay po sa likod iyong Binondo address nila is part of the province of China. What can you say about this, sir? Do you find this insulting na isang beauty product iyong nagki-claim ng ganito?

**SEC. ROQUE:** Eh sa akin kalokohan lang po iyan 'no, hindi dapat pinapansin iyan 'no dahil wala namang naniniwala na tayo ay probinsya ng Tsina. Sinisiguro po na lahat ng Pilipino ay nagmamahal sa bayan. We are proud to be Filipinos and we will never allow to be subjugated by any foreign body.

**MARICEL HALILI/TV5:** Should this be blacklisted, sir? Do you agree with Rep. Nograles?

**SEC. ROQUE:** Well, tingin ko po, ang FDA po ang magdedesisyon diyan 'no because there are criteria for blacklisting. I think one of those is kung mayroong banta sa kalusugan ng mga gagamit nito. So let's allow the FDA to exercise their exclusive jurisdiction pagdating sa bagay na iyan.

**MARICEL HALILI/TV5:** Thank you, sir.

**SEC. ROQUE:** Yes, back to Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, ang tanong naman po mula kay Francis Wakefield – hindi ko lang po alam kung nasagot na ito pero pinahahabol po niya: Study from the Ateneo de Manila University Department of Economics estimated daw po that around 3 million COVID-19 cases were unreported in the country from April to June. Interviewed on TV, John Frederick Cruz of ADMU Department of Economics said that the number is an estimation of the possible unreported cases based on the current data on COVID-19.

**SEC. ROQUE:** Nasagot na po iyan ni Usec. Vergeire. Pinag-aaralan po iyan ng mga dalubhasa. Pero ako po ah, personally… Personally, ang aking pag-iisip, I assume the person next to me has it kaya umiiwas po ako. Kaya importante po talaga iyong social distancing, iyong pagsusuot ng maskara at saka face shield. Ako ngayon, maski hindi ako nakasakay sa pampublikong transportasyon eh hangga't maaari nagpi-face shield na rin po ako. Wala naman pong mawawala kung doble-ingat tayo. At remember, talagang ang ating sandata ngayon – social distancing, face shield, paghuhugas ng kamay, face mask.

**USEC. IGNACIO:** Tanong naman po mula kay Sam Medenilla, may dalawa po siyang tanong para sa'yo Secretary Roque. Ang unang niyang tanong: If may update na po ang Palace regarding daw po sa action ng concerned LGUs on the 428 pending permits for the construction of communication towers?

**SEC. ROQUE:** Iyan po ay tinututukan ng ating DILG. Iyong huling pagpupulong po namin kasama si Presidente two weeks ago, eh sinabi po ng DILG tututukan nila iyan. Hihingi po ako ng update, siguro sa Undersecretary ng DILG dahil alam naman po natin may karamdaman ngayon si Secretary Año.

**USEC. IGNACIO:** Second question po niya: May estimated impact na po kaya ang government ng stricter GCQ in Metro Manila and its nearby provinces sa economy? Kailan po expected magre-resume ang operation ng non-essential establishments sa GCQ areas?

**SEC. ROQUE:** Ang ating GCQ naman po, halos 75% ng ating mga industriya ay bukas na. So sa tingin ko po minimal na ang ating epekto sa ating ekonomiya. Ang hinihingi lang po natin, ingat buhay po para po tayong lahat maghanapbuhay, pero kinakailangan pong maghanapbuhay para po makabangon ang ating ekonomiya at makabangon tayo bilang mga mamamayan.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, si Melo Acuña na po ng Asia Pacific Daily.

**MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC:** Magandang tanghali po, Secretary. May binanggit po iyong Asian Development Bank at iyong ILO na isa sa pinaka-nahirapang sektor at nawalan ng trabaho ay iyong mga kabataan. Mayroon po bang programa ang gobyerno para matugunan ang problemang ito?

**SEC. ROQUE:** Well, mayroon po tayong dalawang programa ang ating DOLE para dito – iyong AKAP at saka iyong TUPAD. At kagaya ng aking sinabi, iniengganyo po natin lahat ng nawalan ng trabaho na umutang ng kapital para magsimula ng kanilang sariling negosyo. Nagpapautang po ang DTI, ang DA, ang DOF. Hindi po tayo magkukulang ng sources of funding; pati na po iyong mga micro finance institutions whether be it supported by government o iyong mga pribadong sektor. So hindi po nagkukulang ng mga pagkukunan ng kapital para makapagnegosyo po ang ating mga kabataan.

**MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC:** Opo. Binabanggit po kasing isang dahilan ay karaniwang natatanggal sa trabaho iyong mga kabataan sapagkat mayroong 'last-in, first-out' policy at nababalam din iyong kanilang education at training. Baka [garbled] ILO at ng Asian Development Bank.

**SEC. ROQUE:** Well, hindi ko po nakuha iyong tanong ninyo kasi medyo choppy kayo 'no. Pero pagdating naman po doon sa retraining and re-schooling, nandiyan naman po ang TESDA at napakadami po nilang kurso na ino-offer ngayon maski online dahil alam po nila na kinakailangang bigyan ng bagong mga pagkakataon lalung-lalo na iyong mga OFWs po na umuwi at nawalan ng trabaho, at kasama na rin po iyan iyong mga kabataan na nawalan ng trabaho. Alam ko po iyan, sa aviation industry first-in, first-out po talaga ang kanilang polisiya. Napakadaming kabataan na nawalan ng trabaho pero iyon nga po 'no, inaasahan natin na mayroon namang—ngayong bukas na po ang ekonomiya, mayroong mga alternatibo silang

pupuwedeng pasukin. Sa aking tanggapan po marami na akong natanggap na mga kabataan na nawalan po ng trabaho.

**MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC:** Para po kay Undersecretary Vergeire. Magandang tanghali po, Dr. Vergeire. Nabanggit po ninyo na hindi angkop na ihambing ang Pilipinas sa ibang mga bansa na iba ang kultura at iba ang health systems. Ano po ang pagkakaiba ng health system ng Pilipinas sa mga kalapit-bansa natin? Gaano kalawak ang ating napaglilingkuran at iyong ating budget para sa health services? Salamat po.

**USEC. VERGEIRE:** Good afternoon, Mr. Acuña. So ano po ang kaibahan? Unang-una, tinitingnan po natin iyong estado ng ating health system pasimula noong pandemya. So before the pandemic began we had different health systems naman talaga po at saka iyong kakayanan. Kapag tiningnan po natin ang for example ang Thailand, napakaayos po ng primary healthcare system ng Thailand and they also have these big hospitals which they have for tourism purposes. Ang Singapore po, bagama't maliit lang po ang kanilang populasyon, pero kapag tiningnan po natin ang health system nila, ito po ay maayos at saka mayroon po silang mga appropriate services.

Hindi naman po sa dinidiskuwento natin ang Pilipinas, mayroon din po tayo naman. Kaya lang iyong sa atin po kasi, we are decentralized 'no. And we have at the different facilities na mayroon pong pagkakaiba-iba ng kakayanan across the whole country. So, marami pong diperensiya na puwede po akong sabihin, difference with other countries and among countries, kaya lang po medyo mahaba po, iyon lang po iyong sinasabi natin.

Now, if you compare it, with the numbers right now, tapos hindi ho natin isasama iyong kapasidad ng isang bansa, parang hindi naman po appropriate din po iyon.

And pangalawa, katulad nga po ng sinabi ko kanina, sa tingin ko po ang ginawa po niyang basehan, isa sa ginawang basehan para makuha niya iyong numero, is using the case fatality rate, which even the economist at mga epidemiologist namin are saying is not correct. But anyway, katulad po ng sinasabi natin, bukas po tayo sa mga ganiyang mga forecasting, mga modeling at baka po puwede naman pong makikipag-usap kami sa kaniya para maliwanagan tayo at magamit din po kung anumang numero ang ginamit niya.

**MELO ACUÑA:** Puwede po kayang pag-aralan din kung puwede lang ibalik sa central government ang health services? Sapagkat iyong LGUs hindi lahat may kakayahan eh.

**USEC. VERGEIRE:** Marami na pong pag-uusap na ganiyan ano. Simula't sapol pa, I think in the late early 2000, nag-umpisa na po iyong pag-uusap ng renationalization, marami pong mga usapin tungkol diyan and there are issues still that has to be resolved. So, titingnan po natin, this is not I think that the time for us, but maybe after the pandemic, we can all review how decentralization has helped the government and how it has given disadvantage to the government.

**USEC. IGNACIO:** Yes, Secretary, mayroon na ditong tatlong tanong, last questions. Una po, para daw po kay MMDA Garcia: May we know the details of your meeting with Metro Manila Mayors last night? Ang tanong po kay Aldrin Casinas ng Manila Bulletin.

**GM GARCIA:** Good afternoon po ulit. Iyong meeting naman ng mga mayors very informal lagi iyon eh. Kumbaga, we are just talking about kung ano [garbled] that is number one; then paano nating gagawing standard iyong buong NCR. Kasi hindi nga naman puwede na bawat siyudad ay may kaniya-kaniyang ordinansa, lalung-lalo na sa curfew, hindi puwedeng iba-iba iyan.

So, pinag-uusapan namin doon, of course ang nagkakaroon ng debate, may kaniya-kaniyang opinion, pero at the end of the day, sa pangunguna ni Chairman Lim kung ano ang majority, iyon na lagi ng lumalabas 'no. So, iyon lang 'no, I just want to share na ang atin pong Metro Manila Mayors nandiyan po si Mayor Toby ay nagkakaisa, laging one voice, isa lang ang desisyon namin at pinag-aaralan naming lahat at kung anuman po ang iminumungkahi ng IATF lagi naming sinusunod at very welcome po sa amin lahat ng suhestiyon.

**USEC. IGNACIO:** Salamat po, Sir Garcia. Ang susunod pong tanong, Secretary Roque from Julie Aurelio ng Inquirer. Palace comment daw po sa bicameral conference committee approving the final version of Bayanihan 2 worth 140 billion pesos with additional standby fund of P25 billion.

**SEC. ROQUE:** Nagagalak po kami na napakabilis po ng pagpasa ng Bayanihan 2. Bagama't as of 10 o'clock po, sinikap kong kumuha pa ng kopya ng bicam report, hindi pa raw po printed 'no. So hindi ko pa ma-discuss. Pero sigurado po iyan sa Lunes ay madi-discuss po natin iyong content 'no. Pero I think they were faithful naman po sa request ng Palasyo, hindi po tumaas na masyado. Ang balita ko mga 160 plus billion ang na-approve; bagama't ang proposal ay P140 billion. Pero hindi naman po nagkakalayo and we are thankful for the cooperation extended by both houses of Congress.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May pahabol po, Secretary, na tanong si Joyce Balancio ng ABS-CBN: Magkakaroon po ba ng utos na mandatory using of face shield na hindi lang po sa public transpo or workplace kung hindi everywhere po? Iba-iba po kasi ang policy per LGU. Hindi po ba ito dapat gawin na unified for all?

**SEC. ROQUE:** Pinag-uusapan pa po iyan sa IATF kaya nga po noong unang lumabas itong isyu na ito, ang napagkaisahan po, highly recommended lang po muna ang face shields hanggang ni-require po ng DOTr sa pagsakay sa pampublikong transportasyon at ni-require ng DTI sa workplaces. So, patuloy po ang pag-uusap tungkol dito.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, pasensiya na, may pahabol pong tanong si Einjhel Ronquillo po ng DZXL – RMN: Kailan daw po uumpisahan ang 24-hour delivery?

**SEC. ROQUE:** GM Jojo, nagsimula na po iyan, hindi ba po? GM Jojo?

**GM GARCIA:** Opo, opo. Naglabas na po ng EO, start na po iyan ngayon. Today po start na po iyan.

**SEC. ROQUE:** Okay. Now, punta naman tayo kay Joseph Morong ng GMA.

**JOSEPH MORONG/GMA 7:** Hi sir, good afternoon. My first question is for you. Sir, regarding the healthcare workers' ban, remember noong March 8 may exemption 'no? Mayroon iyong dati pinapaalis kung 'on or before' you have a contract. But what changed between that time na ina-allow natin iyon and now that we have an Omnibus, parang across the board ban? What happened? What changed between then and now that we had to prevent nurses from leaving? All of them, walang exemptions. Does that mean, sir, na are we running out of nurses or are we afraid that we are going to run out of nurses?

**SEC. ROQUE:** Well, I think that's a premature question. Hayaan muna nating pag-usapan kasi ang basa ko doon sa resolution, it was actually citing the POEA resolution which provided for the exemption na mayroon nga. So, lilinawin lang po natin mamaya kung kung mayroon nga pong exemptions, kung nire-recognize iyong cut-off ng POEA. Kanina naman po sinabi ko na na may mga personal opinion diyan sa bagay na iyan, so, hayaan po muna nating pag-usapan mamayang alas-dos iyan ng IATF.

**JOSEPH MORONG/GMA 7:** All right. Sir, my next question is for Usec. Vergeire. Hi, ma'am! Good afternoon.

**USEC. VEGEIRE:** Good afternoon, Joseph.

**JOSEPH MORONG/GMA 7:** Yes, ma'am. Ma'am, iyon po munang sa MECQ. Because it's August 20 now, we've had probably sixteen – fifteen days to evaluate. Are we able to quantify the effect of the MECQ just on the number of cases?

**USEC. VEGEIRE:** As I've always mentioned 'no, Joseph, for these past two weeks, we cannot really give the assessment yet for now because we need about 2 – 3 weeks after this two-weeks reprieve at saka tayo makakapag-analyze ng numbers natin.

Because remember, we count fourteen days for every case because that is the incubation period of an individual with COVID-19. So, hintayin natin 2 -3 weeks and then we can issue out that information.

**JOSEPH MORONG/GMA 7:** Ma'am, sa inyo pa po ulit. Ma'am, iyon pong sa Russian vaccine trials, can you just explain to us iyong adenoviral vectors that the Russian company used? And in their study they used 38 individuals for the – I think – phase one, phase two? Is this regular, iyon pong paggamit lamang ng 38 individuals for the initial phases of the trial?

**USEC. VEGEIRE:** Yes, Joseph 'no… So, napagbigay-alam naman sa atin when the Philippine government had its meeting with Gamaleya Institute kung saan nagsabi naman talaga sila na ang paggamit nitong "Sputnik V," itong Russian vaccine, ay inuna nila sa mga healthcare workers and this was through an emergency use approval doon sa kanilang bansa. Pero hindi pa nila nauumpisahan ang kanilang phase 3 ng kanilang clinical trial.

So, ang gagawin natin, ang ginawa nating request sa Gamaleya Institute is – Department of Science and Technology ang lead natin – hiningi natin iyong kanilang details on their phase 1 and phase 2 trials on this vaccine so that are vaccine expert panel can be able to review it and so that we can have more information as we go through the negotiations with the Russian government.

**JOSEPH MORONG/GMA 7:** Ma'am, iyon lang pong adenoviral vectors, ano po iyon?

**USEC. VEGEIRE:** Kasi kapag tayo ay gumagawa ng bakuna, may iba-iba iyan. Iyong iba RNA; iyong iba, sa DNA process; iyong iba naman buong virus ang ginagamit. So, ito namang adenoviral, it is something na mga ginagamit para maging mas epektibo ang bakuna. So, this is like… this is what they used para magawa iyong bakuna.

So, iyong iba, they target the RNA; iyong iba tina-target nila iyong ibang receptors; ito naman, iyong adenoviral ang ginamit nila. So, I think there are six or seven types of kung paano ginawa ang bakuna. As I've said, there are these nasa RNA, nasa DNA and then there's this full virus that they used which is the most common and the most safe and then the others nandiyan pa, kasama iyang adenoviral ng Russian government.

**JOSEPH MORONG/GMA 7:** Ma'am, thank you. Short lang, Sec. Roque, may number coding?

**SEC. ROQUE:** GM Jojo, may number coding ba tayo?

**GM GARCIA:** Sa MMDA po, iyong mga national roads natin, wala po lahat iyan, suspended ang coding natin pero of course, iyong ibang LGUs may kaniya-kaniya po sila. Pero sa national road po natin na hawak ng MMDA, suspended po ang coding.

**JOSEPH MORONG/GMA 7:** All right. Sir, thank you very much po.

**SEC. ROQUE:** Usec. Rocky, do you have further questions? Thank you, Joseph.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, iyon na lang po iyong ating mga natanggap na pahabol na tanong.

**SEC. ROQUE:** Okay. Dahil wala na pong tanong, nagpapasalamat po tayo kay Usec, Vergeire, kay Mayor Toby Tiangco at kay MMDA General Manager Jojo Garcia. Nagpapasalamat tayo kay Usec. Rocky at nagpapasalamat tayo sa miyembro ng Malacañang Press Corps. Salamat po kay Kuya Willie Revillame doon sa five million na ibinigay para sa mga jeepney drivers.

At maraming salamat po sa inyong panonood. Sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque.

Bago po ako magpaalam, salamat din po sa PLDT at Globe at inayos nila ang mga internet connections sa bahay ko that enabled us to actually broadcast today from home without any glitches.

So, sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque nagsasabing – Keep safe, Philippines! Ingat at babangon po tayong muli.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)